# Panimulang Pag-aaral sa Visual Framing: Sipat-suri sa mga piling YouTube Vlogs ni JT ng MoTouristas sa kaniyang misyon na Libot Pilipinas

Princess Gissel Dionela-Servo
De La Salle University-Laguna Campus
princess.servo@dlsu.edu.ph

Lheris May Ople
De La Salle University-Laguna Campus

## Abstrak

Mainit na tinatangkilik ng masa ang social media kung kaya naman tinagurian ang Pilipinas bilang "Social Media Capital of the World" (2021) dahilan sa pangunguna nito sa buong mundo sa oras na inilalaan sa paggamit ng social media sa bawat araw. Isa ang YouTube sa pinakaginagamit na midya ng karamihan sa mga Pilipino bunga nito, maraming personalidad sa kasalukuyan ang sumisikat mula sa pagba-vlog. Isa sa mga ito ay ang isang motorista na tunay na hinangaan ng mga biyahero dahil sa kaniyang kakaibang pamamaraan. Sa ganang ito, layunin ng pag-aaral na ito na makapagsagawa ng isang panimulang pagsusuri sa mga piling YouTube Clips ng MoTouristas, isang *YouTube channel* na umani ng mga parangal at libong tagasunod dahil sa natatanging pamamaraan nito ng paghahain ng bansa sa kanilang paglalakbay. Tuon ng pag-aaral ang motoristang *vlogger* na ipinakilala ang sarili bilang JT na kumakatawan sa Juan Turismo, kasama ang kaniyang kapwa motorista. Nagtakda ng misyon ang kanilang samahan na libutin ang walumpu't isang (81) probinsya sa bansa sa loob ng tatlong (3) taon gamit ang motor at itinampok ito sa pamamagitan ng *vlogging*. Makalipas lamang ang dalawang taon ay mayroon na itong higit sa dalawang daang *video clips* na tinatangkilik ng tao lalo na ng mga kapwa nila motorista. Pangunahing paksain ng mga video ang iba't ibang danas na kanilang kinaharap sa kanilang paglalakbay gayundin ang mga natatanging yaman na inihahain ng bawat probinsya. Mula sa daang video na inilagay ni JT sa kaniyang YouTube channel, pumili lamang ang mga mananaliksik ng sampu (10) vidyo na umani ng maraming bilang ng tagapanood na bibigyang-tuon sa pag-aaral na ito. Masusing inanalisa ang bawat vidyo gamit ang *visual framing* nina Dimitrova


© 2024 Dionela-Servo, P. G. and Ople, L. M. | ISSN: 2012-2144 (Print) | ISSN: 2546-0757(Online)

at Rodriguez batay sa mga sumusunod na paksa; (1) Destinasyon ng motourista, (2) Motouristang Historyador (3) MoTour ng mga motorista, (4) Kainin Motour, at (5) Meet up ng mga Motouristas.

Mga susing salita: vlogger, vlogging, motorista, motouristas, motorsiklo, paglalakbay, visual framing, libot Pilipinas, visual framing

## Abstract

The nation has been dubbed the "Social Media Capital of the World" (2021) since it leads daily social media usage globally. YouTube is one of the most widely used platforms in the Philippines, and vlogging has contributed to the rise in fame of numerous personalities. Among them was a motorist whose peculiar driving style won him admiration from other drivers. The study will perform a preliminary analysis of the chosen MoTouristas YouTube clips to achieve this. This YouTube video has amassed thousands of followers because of its distinctive approach to helping the nation while on the road. JT, the driver-vlogger, represented Juan Turismo and his fellow road warrior. Their organization embarked on a journey to visit all 81 provinces in the nation over three (3) years of motor use, as demonstrated by vlogs. In under two years, the crew gathered approximately two hundred video clips.

The videos' main themes center on the various customs they encounter along the way and each province's distinctive gems. Researchers focused their analysis on ten (10) videos that attracted a lot of views out of the hundreds of videos that JT uploaded on its YouTube channel. The following issues were the basis for a thorough analysis of each movie using the visual framing developed by Dimitrova and Rodriguez: the motorist's destination, the motorist as a historian, motorists' MoTour, motorists' feast, and the meet-up of the motorists.

Keywords: travel-Philippines, vlogger, vlogging, motorcyclists, travelers, visual frame

## INTRODUKSYON

Higit pang umiigting ang digitalisasyon sa mundo at patuloy na nakikiangkop ang ating bansa kung kaya naman kapansin-pansin ang malaking pagbabago sa pamamaraan ng pamumuhay ng bawat Pilipino. Sa pamamagitan lamang ng paggamit ng anumang smart

device at internet, napadadali ang pagkakaroon ng akses ng lahat sa midya kung saan natutunghayan ng bawat indibidwal ang iba't ibang kaisipan sang-ayon sa kanilang interes at pangangailangan. Mula rito, hindi maikakailang ganap na naiimpluwensyahan ng midya ang pamumuhay ng lahat dahilan upang paggugulan nila ito ng oras sa bawat araw. Sa ganang ito, kinilala ang bansa bilang "Social Media Capital of the World" taong 2021 dahilan sa pangunguna nito sa buong mundo sa oras na inilalaan sa paggamit ng social media sa bawat araw. Natukoy mula rito na halos kalahating araw ang iginugugol ng mga Pilipino sa paggamit ng internet at higit apat na oras ang inilaan ng mga ito upang tumutok sa *social media*.[1] Kaugnay nito, naitala sa datos ng Data Reportal para sa Digital 2023 na nasa 85.16 milyong Pilipino ang gumagamit ng internet at 84.45 milyon mula rito ang tumatangkilik sa social media mula sa kabuuang populasyon ng mga Pilipino na 116.5 milyon.[2] Maihahanay mula rito ang pangunguna ng Facebook sa tala ng mga *social media platform* na madalas gamitin ng mga tao sa buong mundo na may kabuuang bilang na 2.17 bilyong taong gumagamit samantala, pumapangalawa rito ang YouTube na may kabuuang 1.9 na bilyon.[3]

Kaugnay ng mga paunang diskurso, hindi rin maitatanggi na bahagi na ng buhay ng mga tao hindi lamang ng mga Pilipino ang pagkuha ng mga larawan o vidyo upang itampok ang bahagi ng kanilang buhay na ibinibahagi sa midya. Nakapagdudulot ng kakaibang kaligayahan sa mga ito na makaani ang kanilang mga paskil ng pagtanggap at pagkilala mula sa kanilang kapwa, kung kaya naman kinahuhumalingan ng mga ito ang pagbabahagi sa iba't ibang social media sites. Isa sa mga anyo ng pagbabahagi na tunay na tinatangkilik ng lahat sa kasalukuyan ay ang *vlogging,* mapa-Gen Z man o Gen X ay talaga namang nakapagtatampok ng kanilang bahagi kaugnay ng gawaing ito. Ang *vlog* ay mula sa mga salitang "video log" o "video

---

[1]Statista. *"Number of social media users in the Philippines from 2017-2020, with forecasts until 2026."* August 12, 2021.

[2]Simon Kemp, *Digital 2023: The Philippines*, ( DATAREPORTAL, 2023).

[3]ABS-CBN News. *Filipinos Still World's Top Social Media User-Study*, (ABS-CBN, January, 2019)

blog" na ang nilalaman ay nasa anyong vidyo. Maari itong ayusin o maging *edited* upang mapaunlad ang nilalaman at maari rin namang maging karaniwang vidyo o *unedited.*[4] Maari itong ibahagi o i-*post* sa anumang *video sharing website* na malayang mapanonood ng sinuman at may pagkakataong makapagbigay ng kanilang reaksyon o komento, at makapag-subscribe sa *media channel* ng manlilikha.[5] Ayon kina Karim et al. (2022), ang vlogging ay nagiging mas laganap at sikat sa social media dahil ito ay isang pinalawak na aspeto ng text blogging mula sa pagsasama ng mga salita, larawan at video na mayroong iba't ibang anggulo na kinunan gamit ang mga device tulad ng smartphone o camera.[6] Bilang nakapagtatag ito nang mabisang komunikasyon sa mga tagapanood, umunlad ang pamamaraan ng pagsasagawa nito hanggang sa nagkaroon ng iba't ibang uri tulad na lamang ng *travel vlog* na tunay na kinahuhumalingan ng karamihan. Ito ay isang impormatibong *vlog* na naglalaman ng naratibong pagtalakay hinggil sa danas ng indibidwal sa paglalakbay. Itinatampok dito ang iba't ibang kuha ng lugar, mga aktibidades, pagkain, kultura, tradisyon, at marami pang ibang aspeto hinggil sa isang lugar na naglalayong magbigay impormasyon, makapanghikayat, at makapagbahagi ng kasiyahan. Sa ganang ito, hindi mapasusubaliang nahihikayat ang mga manonood na subukan at puntahan ang mga destinasyon na napanood. Sang-ayon sa kaisipang ito, isinaad ni Chetan (2017), na ang mga benepisyo ng pagsasagawa ng travel vlog na tinukoy bilang mga sumusunod; (1) nakapagpapa-unlad ng kaalaman hinggil sa destinasyon, (2) nakapagbibigay motibasyon upang patuloy na tumuklas (3) nakapagbibigay ng pagkakataon na makilala o sumikat, (4) maaaring mapagkunang kita, at (5) walang amo na maaring magbigay presyon sa pagkilos.[7]

[4]Deshpande S. *What Is Vlogging and Why Is It So Popular?* (MakeUseOf, 2021)

[5]Wen Gao et.al., *Vlogging: A Survey of Videoblogging Technology on the Web*, (ACM Computing Surveys, Vol. 42, No. 4, 2010), 15

[6]Mobarak Karim et.al., *Travel Vloggers A a Source of Information about Tourist Destination: A Study in Bangladesh*. (Webology: Volume 19, No.2, 2022) 5.

[7]"Travel Vlog." Share and Discover Knowledge on SlideShare. Accessed July 19, 2023. https://www.slideshare.net/ckchetan/travel-vlog.

Mula sa patuloy na pagsikat ng travel vlog, isang Pilipino ang nakatanggap ng iba't ibang pagkilala at parangal sa pagsasabuhay ng gawaing ito. Katangi-tanging naitampok ni JT, taguri sa vlogger, ang walumpu't isang (81) probinsya ng bansa sa pamamagitan ng paglalakbay gamit ang kaniyang motorsiklo. Bilang iba sa masa, mabilis na nahuli ni JT o Philip Elliot ang interes ng mga manonood higit ng mga kapwa niya motorista. Sanhi ng pagkahilig sa mga sasakyang may dalawang gulong at paglalakbay, hinamon niya ang sarili sa isang misyong tinawag niyang Libot Pilipinas. Sinikap niyang maibahagi nang mahusay sa kaniyang mga manonood ang kaniyang danas sa paglalakbay sa bansa sa pamamagitan ng (1) pagtatampok ng iba't ibang lugar pasyalan ng bawat lalawigan, (2) pagpapakilala ng mga kilalang pagkain dito, at (3) paglalahad ng mga kultura at tradisyon ng mga ito. Dagdag pa rito, inilalahad din niya ang mga gastos na kailangang paghandaan ng mga manlalakbay sa pagbisita sa destinasyong kaniyang itinatampok. Kaalinsabay ng mga ito, adhika rin siya ng ligtas na pagmamaneho kung kaya't lagi niyang ipinapaalala at kasamang tinatalakay niya sa kaniyang motovlog ang mga mahahalagang bagay na marapat na tandaan ng mga motorista sa bawat byahe. Hindi lamang literal na nadala si JT ng kaniyang motorsiklo sa iba't ibang lugar, gayundin ay nadala siya nito sa panibagong karera na malayo sa kaniyang tinapos na kurso. Sa katunayan, nakapagtapos siya ng BS Agriculture Major in Animal Science sa Unibersidad ng Pilipinas - Los Baños. Tinahak niya ang landas ng *corporate* kaugnay ng sales at animal health industries. Gayundin, may danas siya sa automotive, real estate, at brokering fields kung saan siya naging lisensyado. Mula sa iba't ibang karerang ito, nawaglit kay Philip ang paglalakbay nang nakamotorsiklo ng pitong taon.[8] Gayunpaman, muling nagbalik ang kaniyang puso sa interes na ito nang maimpluwensyahan siya ng kaniyang tiyuhin na kapwa niya mayroong motorsiklo na nagtulak sa kaniya na muling sariwain ang hilig.

[8]InsideRacing "MoTour Pilipinas: Heart of an Explore" August 24, 2020. https://insideracing.com.ph/motour-pilipinas-heart-of-an-explorer/

Buhat pagkabata ay hilig na niya ang mga sasakyang mayroong dalawang gulong, edad labindalawa nang magsimula siya sa BMX hanggang sa mag-angkin siya nang motor nang magkolehiyo na kaniyang pangunahing gamit sa pagpasok. Ilang modelo rin ng motorsiklo ang dumaan sa kaniya at maka-ilang beses din niyang isinaayos ang mga ito bilang bahagi ng pag-iingat. Makikita sa kaniyang motovlog na pangunahing kasangga niya ang kaniyang motor na NMAX na kaniyang binili upang magbalik sa kaniyang hilig. Nang makilala ang kaniyang *channel*, nakapagpundar siya ng KTM 390 Duke na makikitang ginamit nito sa ilan pa niyang mga motovlog. Mula sa gawaing ito, hindi lamang kilalang YouTube channel ang naitatag ni Philip, gayundin ay nakapagtatag siya ng isang samahan ng mga MoTourista na kasama niyang lumibot sa bansa kaisa ng kaniyang misyon. Kaugnay ng yumayamang samahan at higit pang nakikilalang YouTube channel, minarapat ni Philip na lapatan ng makabuluhang kahulugan ang taguring ibinigay sa kaniya na JT. Lumikha siya ng *poll* na nilahukan ng kaniyang mga *subscribers* na pawang nagbigay ngalan sa kaniya na Juan Turismo, bilang kinakatawan niya ang maka-Pilipinong paglalakbay.[9] Mula rito, higit na umalab ang pagnanais ni JT na malibot ang bansa at matupad ang kaniyang misyon sa loob lamang ng tatlong taon. Nang higit na maunawaan ang vlogging bilang makabagong daluyan ng impormasyon at komunikasyon, sisipatin sa panimulang pag-aaral na ito ang piling vlogs ni JT na umani ng maraming bilang ng *views.* Gagamitin bilang lente ng pag-aaral ang Visual Framing ni Rodriguez at Dimitrova upang makabuluhang masuri ang bawat bahagi ng vlog. Sa ganang ito, madadalumat ang sanhi ng tagumpay ng isinagawang motovlogging ni JT na higit na nagpakilala sa Pilipinas bilang multi-kultural na bansa.

[9]"#jtonkg: Episode 8 JT of MoTour on Kwarental Guidance: By Kwarental Guidance." Facebook. Accessed July 19, 2023. https://www.facebook.com/watch/live/?ref=search&v=532535130696885.

## Paglalahad ng Suliranin

Nilalayon ng pag-aaral na matugunan ang pangkalahatang suliranin na "Ano-ano ang pangkalahatang katangian ng mga vlogs ng Motouristas sa pangunguna ni JT gamit ang lente ng Visual Framing nina Rodriguez at Dimitrova?" Nang matamo ito, hinati ang suliranin sa tiyak pang suliranin na tinukoy bilang sumusunod:

1. Ano-ano ang tema ng vlog ni JT sa kaniyang channel?
2. Paano naipakita ng vlog ni JT ang imahe gamit ang lente ng visual framing?
3. Ano-ano ang mga nabuong imahe sa vlog ni JT gamit ang lente ng visual framing?

## Kahalagahan ng Pag-aaral

Naitala ang apat na kahalagahan sa pagsasagawa ng panimulang pag-aaral na ito na tinukoy bilang mga sumusunod 1) para sa mga iskolar at mag-aaral ng Araling Filipino; 2) para sa mga vlogger at mga nagnanais na maging vlogger; 3) para sa ahensyang panturismo at 4) para sa mga iskolar na nagsusulong na makontekstwalisado ang kaisipan ng teoristang sina Lulu Rodriguez at Daniela V. Dimitrova.

Para sa mga iskolar at mag-aaral ng Araling Filipino, ninais ng pag-aaral na mailapat ang konsepto ng *visual framing* ng mga teoristang sina Lulu Rodriguez at Daniela V. Dimitrova sa pagsasagawa ng iba't ibang mga teknik at metodo upang matukoy at maanalisa ang napanood na vlog na naglalayong maunawaan ang mensaheng nais ipahatid ng mga vlogger sa kanilang mga tagapanood.

Para sa mga vlogger at nagbabalak na maging isang vlogger, itinuon ang pag-aaral sa mga mahahalagang teknik at metodo na ginamit ng biyaherong vlogger na si JT na magbubukas ng pagkakataon upang makabuo rin ang kagaya nilang mga vlogger ng isang kapaki-pakinabang at makabuluhang nilalaman.

Para sa ahensyang panturismo, tinungo ng pag-aaral na maihain ang magaganda at tunay na maipagmamalaking lugar sa iba't ibang panig ng bansa. Malaki ang maitutulong nito upang mapalakas ang turismo sa bansa na pinadapa ng pandemya ng ilang taon at maging hanggang sa kasalukuyan.

Para sa mga iskolar na nagsusulong na makontekstwalisado ang kaisipan ng teoristang sina Rodriguez at Dimitrova, sinubok ng mananaliksik na maihain ang mahalagang kontribusyon na lalong magpapatingkad sa teorya ng visual framing. Dagdag pa rito, magiging daan ito upang maging mapanuri at maging kritikal ang mga iskolar sa mga materyal na mayroon sa *social media*.

## METODOLOHIYA

### Pangangalap ng Datos

Mula sa pangangalap gamit ang YouTube *search engine*, sinikap na pinili at tinipon ng mga mananaliksik ang ilang mga vlogs ng isang biyaherong vlogger na si JT mula Oktubre 2017 hanggang Disyembre 2019. Mula rito, nahango ang sampung vidyong tuon ng pag-aaral gamit ang pagkarkula ng average exposure ng video sa bawat buwan na lumabas ito sa YouTube *search engine*:

$$\text{Kabuuang bilang ng nakapanood sa bawat buwan} = \frac{\text{Kabuuang bilang ng nakapanood}}{\text{Bilang ng buwan sa YouTube}}$$

Talahanayan 1. Listahan ng mga Popular na vlogs ni JT batay sa kabuuang bilang ng nakapanood sa bawat buwan

| | Pamagat | Petsa Kung Kailan Nai-Upload | Kabuoang Bilang ng Nakapanood | Bilang ng Buwan sa Youtube | Kabuoang Bilang ng Nakapanood sa Bawat Buwan | Rank |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | Old Zigzag Road aka Bitukang Manok at Atimonan,Quezon | Oktubre 14, 2017 | 1,670,879 | 29 | 57,617 | 1 |
| 2 | Mindoro Epic Ride Episode 1: Occidental Mindoro | Enero 26, 2018 | 135, 870 | 26 | 5, 226 | 9 |
| 3 | Masbate Episode 1: Laguna to Masbate endurance Ride | Abril 15, 2018 | 180, 442 | 25 | 7,218 | 6 |
| 4 | Trying Out MaRiLaQue | Mayo 30, 2018 | 135, 834 | 22 | 6, 174 | 8 |
| 5 | Eastern Visayas AdvenTour | Nobyembre 27, 2018 | 175, 292 | 20 | 8,765 | 5 |
| 6 | Manila to Cebu on 2 Wheels | Hunyo 11, 2019 | 189, 987 | 9 | 21,111 | 3 |
| 7 | Revisit: Peoples Park | Disyembre 13, 2017 | 185, 841 | 27 | 6,883 | 7 |
| 8 | Revisit Kaybiang Tunnel | Disyembre 15, 2017 | 300, 561 | 27 | 11,132 | 4 |
| 9 | Epic Ride: Bulacan | Hunyo 14, 2018 | 106, 688 | 21 | 5,080 | 10 |
| 10 | Adventour Episode 1 Pangasinan | Disyembre 8, 2019 | 171, 434 | 3 | 57,145 | 2 |

*Visual framing* nina Lulu Rodriguez at Daniela V. Dimitrova ang pangunahing batayan na gagamitin ng mga mananaliksik sa pagsusuri ng mga vlogs. Naniniwala ang mga mananaliksik na sa pamamagitan ng paggamit ng teoryang ito, mapapatingkad ang konteksto ng kulturang Pilipino na magiging daan sa kamalayan at pundasyon ng tagumpay ng bansa.

## Teoretikal na Batayan

### Visual Framing nina Rodriguez at Dimitrova

Ayon kay Bell (2001), na binanggit nina Dimitrova at Rodriguez sa kanilang pag-aaral (2011), ang framing ng mga isyu sa pamamagitan ng mga imahe na maituturing na nakapag-iisa ay masasabing hindi nabibigyang tuon para sa pagtuklas. Kailangang itama ang kawalan ng balanse rito, kung nais isaalang-alang ang mga larawan bilang paraan ng komunikasyon na may mga katangian na maaaring "pagandahin o pagaanin ang kahihinatnan" (Messaris at Abraham, 2001, p. 215) na siyang kung minsan ay naipagsasawalang bahala ang mga mensaheng nakapaloob sa teksto (Wischmann, 1987). Kaugnay nito, ipinaliwanag ni Entman (1993), kung paano gumagana ang frames sa pagsasaad na maari itong maglunsad ng tiyak na kahulugan ng suliranin, maglahad ng interpretasyon, at/o magbigay ng mungkahing rekomendasyon. Sa ganang ito, isinaad ni Coleman (2010), na ang visual framing ay nagbibigay ng isang mahalagang bagong direksyon para sa pagbuo ng mga teorya at mga pananaliksik sa hinaharap. [10]

Pinaniniwalaan nina Hertog at Mcleod (2001), na nagmula ang *frame* sa kapangyarihan na mula sa makabuluhang simboliko na ginagamit upang kilalanin ang mga mito at metapora sa mga naratibo. Karagdagan nila, nagtataglay ito ng tinatawag na "*excess meaning*" sa pagpapalakas ng ilang kaugnay na ideya o paniniwala at pagkakaroon ng tanggap na ibinahaging kahulugan na nakapaloob sa isang kultura

[10](PDF) the levels of visual framing - researchgate. Accessed July 19, 2023. https://www.researchgate.net/publication/267416933_The_levels_of_visual_framing.

na nalilikha ng bawat miyembro. Sang-ayon sa kaisipang ito, isinaad ni Wishmann (1987) na, *"Visuals are good framing devices because they are capable of not only obscuring issues but (also) of overwhelming facts" (p. 70).*

Ang mga larawang-guhit, ilustrasyon, litrato, litrato-ilustrasyon, at iba pang *graphic devices* ay kolektibong tumutukoy sa pag-aaral na ito bilang biswal o imahe na maaaring suriin o iebalweyt para sa hatid na mensahe ng *frame*. Kaugnay nito, pinaniniwalaan nina Dimitrova at Rodriguez na:

> *Visuals help render a large amount of detail into practical frameworks that are relevant and appropriate to people's understanding of the everyday world. In this sense, visual channels discursive possibilities for making sense of social phenomena; they legitimize (and thus facilitate) the grounds upon which some interpretation can be favored, and others impede.*

Natukoy nina Dimitrova at Rodriguez (2011), ang apat na lebel ng *framing* kung saan ang bawat isa ay binigyang kahulugan kasama na ang teoretikal na panukala sa likod ng aplikasyon nito. Tinukoy ito bilang mga sumusunod: (1) Lebel 1: Biswal bilang denotatibong sistema; (2) Lebel 2: Biswal bilang stylistic-semiotic na sistema; (3) Biswal bilang konotatibong sistema; at (4) Biswal bilang ideolohikal na representasyon.

**Lebel 1: Biswal bilang denotatibong sistema.** Sa lebel na ito, pinaniniwalaan ni Lester (2006), na ang imahe ay sinusuri bilang "*visual sensations or stimuli that activate the nerve cells in the eyes to convey information to the brain.*" Natutukoy ang bawat *frames* sa pamamagitan ng pag-iisa-isa ng mga bagay at natatagong elemento na ipinapakita ng biswal. Mula sa resulta sa pagsusuri ng disenyo at pag-aayos at pagsasama-sama ng mga biswal na pandamdam ay makakabuo ng "*themes"* na nababatay sa prinsipyo ng organisasyon.

Sumasalamin din ang lebel na ito sa konsepto ni Barthes na denotasyon kaugnay ng unang bahagi na pagbibigay kahulugan sa sinusuring biswal na mensahe. Ayon kay Panofsky (1970), na nabanggit nina Rodriquez at Dimitrova sa kanilang papel, tumutukoy ito sa

"*primary or natural subject matter.*" Para matagumpay na masuri ang sinasabing biswal na *stimuli*, kinakailangang masagot ang tanong na sino o ano ang inilalarawan dito? Nakasandig ang lebel na ito sa tinatawag nina Messaris at Abraham (2001) na *analogic* at *indexical* na katangian ng imahe.[11] Itinuturing na ang mga litrato ay malapit na kahalintulad ng katotohanan, nagbibigay ito ng koneksyon sa pagitan ng kung ano ang nakuhanan ng kamera at kung ano ang aktwal na makikita sa totoong mundo. Bagaman may pagkakataon na ang mga frame ay nagbubukas ng bagong pagpapakahulugan sa kung sino o ano ang aktwal na inilalarawan, ang nagawang frame sa antas na ito ay napipigilan dahil kinikilala lamang ng tao kung ano ang katotohanan na nais nilang paniwalaan.

Sang-ayon sa mga ito, binigyang-diin nina Rodriguez at Dimitrova na ang pinanggalingan ng *frame* mula sa denotatibo o representasyon ng mga kahulugan na nakapaloob na:

> *Denotative or representational meanings of that which are depicted are established by the titles, captions, inscriptions, or other textual descriptions that accompany the visual. They are also readily recognized through visual intertextuality or their similarity to people, places or things in other pictures. Because images can be described at different levels of generality depending on context, the target audience, and their purpose, it is always useful to add more context into the visual reading. Thus, a more involved version of this approach capitalizes on the application of gestalt principles of proximity (items are likely to be grouped together according to their nearness), similarity (those that look the same unite), closure (the tendency to perceive multiple elements as a totality, to close gaps and to form wholes) and equilibrium (every visual field tends toward order and precision).*

**Lebel 2: Biswal bilang *stylistic-semiotic* na sistema.** Sa ikalawang lebel na ito, pinaniniwalaan ni Archer et. al. (1983), na lumilikha ng "*face-ism*" at nagbibigay ng pagkakataon sa mga mananaliksik na masukat ang katanyagan ng mukha na makikita sa isang litrato. Sa teknik na ito, isinasaad na kapag ang litrato ay nakapokus sa

[11]Ibid., 51

mukha, ito'y naghahatid nang mataas na persepsyon ng katalinuhan o ambisyon ng indibidwal. Samantala, kung ang pokus naman ng larawan ay sa katawan, ang sabjek ay nakikitang 'di nag-aangkin ng kakayahang intelektwal sa halip na'y nagtataglay ng katangiang kaakit-akit at emosyon.

Ayon kay Bell (2001), mula sa mga nasuring *framing devices* sa *pictorial convention,* karaniwan lamang binibigyang pansin ang mga *social distance, visual modality,* at *subject behavior*. Tinukoy ni Hall (1966), ang social distance bilang kaugnay ng konsepto ng *proxemics* o sikolohiya ng paggamit ng tao ng espasyo. Samantala ang visual modality para kay Bell ay resulta ng antas ng paggamit ng mga ekspresyon (kulay, detalye ng representasyon, lalim, *tonal shades*, at iba pa) sa pagkuha ng mga larawan upang maitanghal ang katotohanan. Kaugnay nito, isinaad naman nina Kress at Van Leeuwen (1996), ang subject behavior bilang tumutukoy sa kilos o posisyon na nakunan mula sa frame na maaring lumikha ng interaksyon sa pagitan ng manonood at taong ipinapakita sa larawan. [12]

**Lebel 3: Biswal bilang konotatibong sistema**. Sa lebel na ito, ang tao at bagay na ipinapakita sa biswal ay hindi lamang ipinapakahulugan ang isang partikular na indibidwal, bagay o lugar, gayundin ay ang mga ideya o konsepto na nakapaloob sa mga ito. Ayon kay Schapiro (1996), ang mga balitang biswal ay sinusuri bilang tanda at ang kanilang ugnayan sa ibang mga tanda na nakapaloob sa sistema ay tinatasa. Tinukoy ni Pierce (1868), na mayroong tatlong eksklusibong uri ng tanda: (1) *iconic*; (2) *indexical*; at (3) *symbolic*. Gayunpaman sa paraang ito, ang mga biswal ay mas sinusuri ayon sa mga tuntunin ng ikatlong uri ng tanda—bilang mga simbolo na maaring pagsamahin, i-*compress* at i-komunikeyt sa sosyal na pagpapakahulugan. Umuunlad ang mga *frame* sa pamamagitan ng kritikal na pagsusuri sa pinaghihinalaang mga tanda nito para sa mas kumplikado at *culture-bound* na interpretasyon nito. Dahil dito, ang kahulugan na nakukuha ng isa mula sa isang simbolo ay lubos na isinapersonal at naiiba. Idinagdag ni Pierce (1868), na bilang ang mga simbolo ay mayroong malalim na

[12]Ibid., 55

ugnayang kultural na nakalilika at/o nakakikita ng isang partikular na likha, nakakapukaw ito ng higit na malakas na tugon sa manonood kaysa sa *iconic* o *indexical* na tanda.

Mailalapat din sa level na ito ang isinaad ni Panofsky (1970), na konsepto ng "secondary or conventional subject matter." Kung saan sa bahaging ito, ang frame ay tinutukoy sa pamamagitan ng pagsusuri ng presensya ng simbolo sa pictorial field. Kaugnay nito, tinukoy ni van Leeuwen (2001), ang simbolong ito sa dalawang uri: (1) ang abstrak na simbolo na karaniwang tumutukoy sa mga hugis at gamit na maayroong simbolikong kahulugan at (2) matalinghangang simbolismo na karaniwan kumakatawan sa tao, lugar at bagay na mayroong simbolikong kahulugan. Maiugnay rin sa lebel na ito ang biswal na metapora na binigyang kahulugan ni Lule (2003), bilang representasyon ng konsepto ng abstrak sa pamamagitan ng mga konkretong imahe na nagtataglay ng analohiya sa konsepto. Maituturing bilang halimbawa rito ang paggamit ng watawat ng Estados Unidos bilang simbolismo ng pagiging makabayan, pagpapalakas ng mga sundalo o paghigpit sa mga mamamayan ng isang lugar.


**Lebel 4: Biswal bilang ideolohikal na representasyon.** Malapit na naiuugnay ang lebel na ito sa paniniwala ni Barthes (1977), na "*iconographical symbolism*" bilang ang antas na ito ay naglalabas ng ideolohikal na kahulugan. Sa pagsusuri ng mga frame sa lebel na ito, ipinahayag ni Panofsky (1970) na "*ascertain those underlying principles which reveal the basic attitude of a nation, a period, a class, a religious or philosophical persuasion*." Pinagsasama-sama nito ang mga simbolo at mga tampok na estilo ng isang imahe tungo sa isang magkakaugnay na interpretasyon na nagbibigay ng "bakit" sa likod ng sinusuri ang mga representasyon.[13] Ayon kay Pieterse (1992), ang mga sumusuri ng *frame* sa antas na ito ay naghahanap ng mga sagot sa mga tanong na nauugnay sa pag-akses at ideolohiya kaugnay ng pagsagot sa: "Anong mga interes ang pinatutungkulan ng mga representasyong ito? Kaninong boses ang naririnig? Anong mga ideya ang nangingibabaw?" Ang mga tanong na ito ay tumutukoy hindi lamang para masukat ang pang-ekonomiya at pampulitika na mga interes ngunit gayundin sa ugnayan

[13]Ibid., 57

nang maayos na katangian ng kultura, emosyonal at sikolohikal na *sphere* at iba pang naitalang paraan kung saan makikita ang ugnayan sa penomenon ng *subordination* (Pieterse, 1992, p. 10). Ang antas na ito ay tumatalakay kung paano ginagamit ang mga larawan ng balita bilang mga instrumento ng kapangyarihan sa paghubog ng kamalayan ng publiko at historikal na imahinasyon (Anden-Papadopoulos, 2007).

## Konseptwal na Balangkas

Ibabatay ang kabuuang papel ayon sa sumusunod na konseptwal na balangkas:




## PAGLALAHAD NG RESULTA NG PANANALIKSIK

Una, ang vlog na pinamagatang "Old Zigzag Road a.k.a Bitukang Manok at Atimonan, Quezon Province" (2017). Ito ang kauna-unahang bidyo na nagawa ni JT bilang vlogger na mayroong haba na 8.55 minuto at nai-upload sa kaniyang YouTube channel noong Oktubre 14, 2017[14]. Para sa mga moturistang tulad ni JT, ang lugar na ito ay natatangi upang mapatunayan ang kanilang kasanayan at husay sa pagmamaneho. Maihahanay ang vidyo na ito sa ikatlong (3) lebel dahilan sa pagbibigay-diin ng vlogger sa kakaibang gawi na kaniyang napansin sa kalsada. Napukaw ang kaniyang atensyon ng mga taong nakatayo sa kabuuang haba ng kalsada at mga nakabarong asul. Napuna

[14]Motour Pilipinas. (2017, October 14). Old Zigzag Road aka Bitukang Manok at Atimonan, Quezon [Video File]. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=JCfd84yeias

niya na ang mga ito ay hinuhulugan ng barya ng mga dumaraang sasakyan na kanilang namang niyuyukuan bilang pasasalamat. Para kay JT, isang kabastusang maituturing ang gawi ng mga byahero sapagkat maari naman nilang iabot ang barya nang maayos sa mga tao sa halip na ihagis lamang ito sa kalsada. Iniisip niya na ang gawing ito ay nagpapakita ng pambababa sa mga taong nasa ganoong kalagayan at uri ng hanapbuhay.  Gayunpaman, ang anggulo ng vidyo ay hindi maitatangging sumusuporta sa kaisipang ito bilang nakatuon ang frame sa paghahagis ng barya sa kalsada at sa mga taga-gabay na maituturing bilang tanda kaugnay ng lebel na kinabibilangan ng vidyo. Sa kuryosidad ni JT, minarapat niyang makapanayam ang isa sa mga gabay sa kalsada na nagbigay linaw sa kaniya ng isinasasabuhay na kultura sa lugar na iyon. Kung saan, ang mga tandang tinukoy ay sumasalamin sa kultura ng bayan kaugnay ng pagtuturing sa kalsada na ito bilang isa sa mga pinakadelikadong daan sang-ayon sa estruktuta nito. Bilang bahagi ng pag-iingat, ang mga byahero ay naghahagis ng barya bilang gawi ng pagtataboy ng kamalasan o kapahamakan kaugnay ng pagkalansing ng barya sa kalsada. Sa ganang ito, ang mga namataan ni JT na gawi ng mga byahero at kapwa niya motorista ay hindi maituturing na isang kabastusan ngunit isang tanda ng paggalang sa pamahiin o kultura sa bayan. Dagdag pa rito, isang pamamaraan din ng pasasalamat ang tinukoy na tanda para sa mga taong gumagabay na nakabarong asul para sa pagtulong ng mga ito sa kanilang ligtas na byahe. Sa pagsasagawa nito ng bawat byahero, naiimpluwensyahan ang kanilang kapwa na gawin ang parehong gawi dahilan upang patuloy na maisabuhay ang kulturang Pilipino.

Ikalawa, Mindoro Epic Ride Episode 1: Occidental Mindoro (2018). Ikapito ang vidyo ito mula sa mga motour vlog na nagawa ni JT na mayroong haba na 14:51 minuto at nai-upload noong Enero 26, 2018.[15] Ito ay tumatalakay sa isa sa pagsubok ng pagtanggap ng hamon na Lakbay Pilipinas bilang kanilang unang pagsuong sa tawid-dagat na motour sa pamamagitan ng roro. Layunin ng Motouristas na libutin ang buong Mindoro gamit ang motor kaugnay ng pagkilala sa lalawigang ito bilang

[15]Motour Pilipinas. (2018, January 26). Mindoro Epic Ride Episode 1: Occidental Mindoro [Video File]. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=pvw-TeFmYRM

ikapito sa pinakamalaking isla sa bansa. Maihahanay ang vlog na ito sa ikalawang (2) lebel bilang tuon ng pagtalakay ang kasiyahang dulot ng paglalakbay mula sa hindi inaasahang nakabibighaning tanawin at masasarap na putaheng tampok sa lalawigan. Ang frame ng vidyo ay tuon sa iba't ibang mukha ng mga mamamayan sa lalawigan na nagbibigay impormasyon hinggil sa mga tampok na pasyalan. Gayundin, mapalad na itinuring ni JT ang kanilang mga sarili na makausap ang may-ari ng kilalang kainan sa lalawigan kung kaya naman hindi niya pinalampas ang pagkakataong ipakita ang mga ito sa vidyo at ibahagi ang ilang mga impormasyon hinggil sa kanilang negosyo. Samantala bahagi rin ng frame na ito ay ang mga motouristang masayang naglalakbay at nagsasalo-salo sa pagkain na patunay ng matibay na samahang nabuo mula sa simpleng hamon.

Ikatlo, Masbate Episode 1: Laguna to Masbate Endurance Ride (2018). Ang vidyo na ito ay na-iupload sa YouTube noong Abril 15, 2018 na may habang 21:12 na minuto.[16] Kadalasan, ang itinatagal ng kanilang biyahe patungo sa ibang lugar ay tatlong araw ngunit iba sa pagkakataong ito sapagkat hinamon sila ng panahon at tumagal ang kanilang byahe ng limang araw. Maihahanay ang vlog na ito sa ikaapat (4) na lebel dahilan sa pangingibabaw ng kanilang hangaring matunghayan ang Rodeo Festival sa Lungsod ng Masbate sa pagtuturing dito bilang Rodeo Capital of the Philippines. Katulad ng kanilang mga tawid-dagat na paglalakbay, sumakay muli sila ng roro kasama ang kani-kanilang mga motor para sa panibagong *adventour.* Gayunpaman, tunay na sinubok ang kanilang lakas sa motour na ito dahilan sa lubhang malakas ang buhos ng ulan na nagdulot ng maputik at madulas na kalsada. Dagdag pa rito, nagkahiwa-hiwalay din sila ng pagtahak sa daan at ang ilan sa kanilang mga kasamahan ay nasiraan ng motor. Sa kabila ng lahat ng ito, nagpatuloy ang mga motouristas sa kanilang misyon na tumungo sa kanilang pagbibigay kamalayan sa mga byaheros hinggil sa mga paghahandang marapat isagawa sa pagtungo sa lalawigang ito. Tumatawid ang mga kaisipang ito sa pampublikong

[16]Motour Pilipinas. (2018, April 15). Masbate Episode 1:Laguna to Masbate Endurance Ride [Video File]. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=slKp91A6zho

kamalayan bilang tuon ng frame ang danas sa paglalakbay kaugnay ng pagnanais ng mga motouristas na madaluhan ang pista at pagtalakay sa ilang mga impormasyon at proseso ng pagbyahe sa roro bilang motorista. Kaugnay pa nito, nabigyang pagkakataon din ang iba pang motorista na maibahagi ang kanilang mga sarili hinggil sa pagbyahe, putahe at tuluyan sa naturang lugar. Iniiwang kaisipan lamang ng vlog na ito na sa kabila ng mga hirap na kanilang pinagdaan sa byahe ay mamayani pa rin ang kanilang interes na mapuntahan ang probinsyang ito gamit ang kanilang mga motor.

Ikaapat, Trying Out MaRiLaQue (2018). Ang vidyo na ito ay na-iupload sa YouTube noong May 30, 2018 na may tagal na 19.45 na minuto.[17] Maituturing ang vlog na ito bilang espesyal para sa mga Motouristas, liban sa tinukoy nila ito bilang *weekday ride* ay kaarawan din ng isa sa kanilang miyembro na sama-sama nilang ipinagdiwang sa pamamagitan ng pagkakaroon ng salo-salo sa Kafe Katarina. Maihahanay ang vidyo na ito sa ikaapat (4) na lebel bilang tuon ng frame ang pagbabahagi ng mga kasapi ng kanilang mga danas bilang kasapi ng samahan. Sinariwa sa vidyong ito ang pagkakabuo ng samahan at pagkakaroon ng pagkakakilanlan bilang "MoTour". Kaugnay nito, itinampok ni JT ang tatak ng kanilang samahan na mayroong iisang kasuotan at sticker na sumisimbolismo sa kanilang kapatiran. Gayundin, isa-isang itinampok ang mga magagarang motor ng bawat kasapi at ng iba pang samahang kanilang nakilala sa byahe. Mula rito, makikita na tunay na pinagkagastusan at pinangangalagaan ng mga motorista ang kanilang mga sasakyan upang magamit sa mga hindi pangkaraniwang adventour katulad na lamang ng kanilang dinayong isang sirang tulay sa Marilaque na makapagpapatunay ng kanilang kasanayan at husay sa pagmamaneho. Ipinapakita lamang nito na parami nang parami ang mga motouristas na sumasama at nagkakaroon ng interes na subukin ang paglilibot sa bansa gamit ang motor na kaugnay ng pinasimulan ni JT at kanilang samahan.

Ikalima, ay ang Eastern Visayas AdvenTour Episode 10 ManDown (2018). Ang vidyo na ito ay nai-upload sa YouTube noong

[17]Motour Pilipinas. (2018, May 30). Trying Out MaRiLaQue [Video File]., Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=8Oh_aTSEIU0

Nobyembre 27, 2018 na may tagal na 22.22 na minuto.[18] Bilang huling yugto ito ng kanilang byaheng Eastern Visayas, maihahanay ang vlog na ito sa unang (1) lebel dahilan sa pagbibgay-tuon ni JT sa bawat isang kasapi ng kanilang samahan na nais magbahagi ng kanilang danas sa paglalakbay. Inisa-isa ng mga ito ang bahagi ng paglalakbay na kanilang hindi malilimot at pumukaw ng kanilang pansin habang nasa lalawigan. Gayundin, itinampok sa vlog na ito ang mga natatanging pook pasyalan, kilalang putahe, at bahay-tuluyan sa bayan. Dagdag pa rito, inilahad ng bawat isa ang mga gastos na kanilang nailabas sa pakikiisa sa paglalakbay at ilang mga mungkahing paghahanda sa pagtungo sa nabanggit na lalawigan. Gayunpaman, bilang mga motouristas, tunay na hindi maiiwasan ang pagkakaroon ng aksidente sa kalsada sa kabila ng mga pag-iingat sa pagmamaneho. Isa rin sa bahagi ng paglalakbay na binigyang-tuon ng frame ay ang danas ng isa sa mga kasapi ng samahan na nabunggo ng kapwa motoristang hindi nagpamalas ng nararapat na gawi sa kalsada. Ang biglang pagliko nang hindi pagbibigay signal ng isang lokal na motorista ay naging sanhi ng bungguan sa kalsada at nagbunga ng ilang galos sa motorista na kanilang kasapi pati na ilang gasgas sa motor nito. Gayunpaman, mabuting nadaan sa usapan ang trahedya at nagtulungan ang magkabilang panig sa pagresolba nito. Kinuha ni JT ang pagkakataong ito upang bigyang paalala ang kaniyang mga manonood at kapwa motorista hinggil sa una, kahalagahan ng paggamit ng mga de-kalidad na *safety gears* sa pagbabyahe sapagkat ito ang magbibigay proteksyon sa motorista sa kabuuang paglalakbay. Ikalawa, hinggil sa pagpapatuloy sa paglalakbay at gawing aral ang mga danas sa kalsada upang higit na maging mahusay at huwarang motorista. At ikatlo, ang palagiang pagsunod sa batas trapiko at pagsasabuhay ng mga gawing pantrapiko upang maiwasang maaksidente at makapagdulot nito sa kapwa. Sa ganang ito, ipinakita sa vlog ang katotohanan ng buhay ng mga motoristas mula sa kasiyahang dulot ng paglalakbay hanggang sa mga sakunang maaring kaharapin sa kalsada.

[18]Motour Pilipinas. (2018, November 27). Eastern Visayas AdVentour [Video File]. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=ybFFvJM0bv8

Ikaanim, ay ang Manila to Cebu on 2 Wheels (2019). Ang vidyo na ito ay na-iupload sa YouTube noong Hunyo 11, 2019 na may tagal na 28.19 na minuto.[19] Sa kabila ng sunod-sunod na mga hindi magagandang pangyayari sa mga naunang biyahe ng mga motouristas, hindi nagpapigil ang mga ito upang ipagpatuloy ang kanilang misyon. Panibagong tawid-dagat adventour ang kanilang sinuong upang masulyapan ang ganda ng Cebu sa unang pagkakataon. Maibibilang ang vidyo na ito sa ikaapat (4) na lebel bilang tuon nitong magbigay kamalayan sa mga byahero hinggil sa pagtungo sa probinsyang ito. Dalawang roro ang kailangang nilang sakyan bago makarating sa kanilang destinasyon at ilang proseso ang kanilang kailangang lagpasan bago maisakay ang kanilang motor. Dahilan na rin sa panahon ng Semana Santa, sinimulan ng samahan ang pag-arangkada bago pa man sumikat ang araw. Kaugnay nito, inilahad ni JT ang mga impormasyon na mahalagang isaalang-alang sa pagsakay sa dalawang magkaibang roro na kailangang sakyan patungong Cebu. Gayundin, tinukoy ang ilang mga suliraning maaring kaharapin ng mga motorista sa pagbyahe ng madaling araw. Dagdag pa rito, ipinasilip rin ni JT ang kanilang tuluyan para sa ilang araw na pananatili sa Cebu at ang ilang kilalang kainan na kanilang pinuntahan upang tikman ang mga putaheng sikat sa bayan.

Ikapito, ay ang Revisit: People's Park in the Sky (2017). Ang vidyo na ito ay na-iupload sa YouTube noong Disyembre 13, 2017 na may tagal na 11.43 na minute.[20] Sa motour na ito, mag-isa lamang si JT na naglalakbay sa Cavite bilang kaniyang pampalipas oras. Dahil na rin sa nauna niya nang naitampok ang Tagaytay bilang isa sa kilalang pasyalan sa bansa, naging maikli na lamang ang kaniyang pagpapasilip sa vlog na ito at nagtuon na lamang siya sa People's Park na isa sa mga mataong pasyalan. Sa ganang ito, maihahanay ang vidyo na sa unang (1) lebel bilang tuon sa frame ang pagpapasulyap ni JT sa tunay na estado ng nabanggit na pook pasyalan. Ipinakita niya sa kaniyang vlog ang pasyalan bilang lumang establisyimento ngunit tampok sa

[19]Motour Pilipinas. (2019, June 11). Manila to Cebu on 2 Wheels [Video File]. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=kDj8-8z4Fqw

[20]Motour Pilipinas. (2017, December 13). Revisit People's Park [Video File]. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=fQBAbPp_JhY

mga turista dahil sa natatanging *view* ng bayan na masusulyapan dito. Inilahad din niya ang ilan sa mga batid niyang impormasyon hinggil sa pagkakatayo nito habang ipinapakita ang kasalukuyang kondisyon ng pasyalan. Dagdag pa rito, ipinasilip rin niya ang tanawing makikita rito na pangunahing dahilan ng pagdayo ng mga turista pati na ang ilang mga produkto na matatagpuan sa loob.

Ikawalo, ay ang Revisit Kaybiang Tunnel (2017). Ang vidyo na ito ay na-iupload sa YouTube noong Disyembre 15, 2017 na may tagal na 13:37 na minuto. [21] Bilang muling pagbisita lamang ang vidyong ito, mag-isa lamang si JT na naglakbay sa ganda ng isa sa mga paboritong lugar na puntahan ng mga tulad niyang motorista sa Cavite. Katulad ng naunang *Revisit vlog,* maihahanay ang vidyo na ito sa unang (1) lebel dahilan sa tuon ng frame ang pagpapakita ng kabuuang itsura, kondisyon, at paligid ng tunnel. Makikita sa vlog na ito na tila dinadala ni JT ang kaniyang mga manonood sa lugar dahil sa lantarang pagpapakita ng anyo ng tunnel at ilang mga bagay na maaring asahan sa pagbisita sa lugar. Ibinahagi rin niya ang ilang mga impormasyon ukol dito higit ang pagkilala sa Kaybiang Tunnel bilang "Longest Subterranean Tunnel" sa bansa na mayroong haba na 300 meters na nag-uugnay sa dalawang bayan- ang Batangas at Cavite. Dagdag pa rito, ipinasulyap rin ni JT ang kabigha-bighaning tanawin paglabas ng tunnel na sumalubong sa kaniyang paglabas. Makikita sa frame na matapos ang mahaba at pasikot na tunnel, tumambad ang malawak na dagat, bundok, naglalakihang mga bato, at sariwang hangin. Para sa tulad niyang motorista na mula sa isang mahabang byahe, maituturing ito bilang premyo at natatanging alaala sa paglalakbay. Gayundin, hindi pinalampas ni JT ang pagkakataong mabisita ang isa pang destinasyon na tunay na dinarayo sa Batangas, ang Calatagan na nag-aalok ng kahali-halinang tanawin dahilan upang dayuhin ng mga turista. Sa pagbisita sa isang kilalang resort, pinasilip niya ang mga bagay na maasahan ng mga manlalakbay tulad ng nakahahalinang dagat at malawak na pool, mga estruktura, at aktibidades sa lugar. Sa ganda ng lugar, nabatid niyang nabihag ang ilang mga dayuhan na kaniyang nakapanayam at

[21]Motour Pilipinas. (2017, December 15). Revisit Kaybiang Tunnel [Video File]. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=kQyyMKtH670

naging kaibigan. Sa ganang ito, makikita sa vlog ang realidad na ganda at yaman ng bansa na tunay na bumibihag sa puso ng mga manlalakbay.

Ikasiyam, ay ang Epic Ride: Bulacan (2018). Ang vidyo na ito ay na-iupload sa YouTube noong Hunyo 14, 2018 na may tagal na 18.04 na minuto. [22] Sa pagkakataong ito, hindi lamang ang MoTouristas ang maglalakbay paikot ng Central Luzon, kasama rin sa kanilang pag-arangkada ang ilan pang motorista na kanilang nakilala sa mga una nilang paglalakbay. Tuon ng kanilang motour sa pagkakataong ito ang maikot ang tatlong probinsya sa Central Luzon na Bulacan, Nueva Ecija, at Aurora. Maihahanay ang vidyo na ito sa ikaapat (4) na lebel dahilan sa tuon nito ang paglalahad ng mga impormasyon at pagbibigay paglilinaw hinggil sa mga lalawigan ng Central Luzon. Sa kabila ng banta ng panahon, nagpatuloy ang MoTourista sa pagsasagawa ng kanilang misyon. Una nilang tinahak ang lalawigan ng Bulacan, ibinahagi ni JT na tinagurian ito bilang Tahanan ng Bayaning Pilipino dahil sa nagmula sa lalawigang ito ang karamihan sa mga bayani ng bansa. Dagdag pa niya, ito ang itinuturing na ikalawang pinakapopuladong probinsya sa bansa dahil sa nalalapit din ito sa Metro Manila. Kaugnay nito, naitampok din sa motovlog ang Angat Eco Park kung saan nakapanayam ni JT ang isang empleyado na nagbahagi ng ilang impormasyon kaugnay ng Angat Dam. Kaugnay nito, maituturing na natatangi ang vlog sa ilang motovlog ni JT dahilan sa kaniyang dagdag na materyal sa pagkuha ng vidyo, ang *drone* na nagpasilip sa kabuuang lugar na kanilang nilalakbay. Labas sa paglalakbay, ikinikintal ng vlog ang patuloy na pagsipa ng bilang ng mga motorista na nais na maglakbay sa bansa gamit ang motor. Kaugnay nito, itinampok ni JT ang iba't ibang modelo ng motor ng kaniyang mga kasama na makikitang ganap na pinagkagastusan dahilan sa pagpapaunlad dito ng mga motorista upang higit na maging magara ang anyo nito at magamit sa higit pang mapaglalakbay. Gayunpaman, hindi naging balakid sa samahan ang pagkakaroon ng ilan sa mga kasapi ng higit na magaraang motor. Bagkus, nagsisilbi itong modelo at inspirasyon sa isa't isa upang higit pang ingatan at paunlarin ang kanilang mga sasakyan. Sa ganang ito, maisasaad na sa larangan

[22]Motour Pilipinas. (2018, June 14). Epic Ride Bulacan [Video File]. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=0HRFtW1xcQU

ng pagmomotor, nakaiimpluwensya ang pagkakaroon ng magarang motor upang tangkilikin ng bawat isa ang ilan pang pagpapaunlad ng angkin nilang sasakyan. Liban pa rito, nakaiimpluwensya rin sa isa't isa ang mga danas sa paglalakbay dahil minamarapat nilang sumama sa motour sa pag-asang babaunin ng mga ito ang kakaibang karanasan bilang motorista. Samakatuwid, namamayani sa mga motorista ang diwa ng masayang paglalakbay dahil hindi batayan sa samahan ang uri ng motor ng bawat isa upang maging kasapi, gayudin ang laki ng gastos at pagod sa paglalakbay, at anumang banta ng panahon dahil patuloy silang sumuong sa kabila ng pagkakaroon ng bagyo.

Ikasampu at huli, Adventour Episode 1 Pangasinan (2018). Ang vidyo na ito ay na-iupload sa YouTube noong Disyembre 8, 2018 na may tagal na 29.24 na minuto.[23] Sa biyaheng ito, tinahak ni JT at ng kapwa niya motouristas ang dalawang probinsya mula sa Ilocos Region- ang Pangasinan at La Union. Maihahanay ang vidyo na ito sa ikalawang (2) lebel dahilan sa tuon ng frame nito sa iba't ibang kasamahan ni JT, mga tindera sa pamilihan, ibang samahan ng mga motourista, at ilang bagong kaibigang sumalubong at nakilala niya nang makarating sila sa ilang pook-pasyalan. Bilang mahabang paglalakbay patungong Norte, higit na pinaghandaan ng mga motourista ang kanilang byahe. Sa tulong ng ilan pang mga samahan na kanilang makakasama sa paglalakbay sa pagkakataong ito, nagtakda sila ng gampanin ng bawat isa upang higit na maging makabuluhan ang kanilang paglalakbay. Sa ganang ito, isa-isang ipinakilala ni JT sa kaniyang vlog ang mga bagong makakasamang sumalubong sa kaniya sa kanilang unang destinasyon. Dagdag pa rito, itinampok din ni JT ang ilang mga kilalang putahe ng Pangasinan na makikita sa Pamilihang Bayan ng Camiling. At tulad ng kaniyang mga naunang vlog, nagbahagi siya ng mga impormasyon hinggil sa lalawigan at ilan pang destinasyon dito upang magsilbing gabay sa kaniyang mga manonood. Samantala, kaugnay ng naunang diskurso hinggil sa impluwensya at kahalagahan ng pagpapaunlad ng motor, sa vlog na ito, bininyagan ni JT nang mahabang paglalakbay ang kaniyang bagong motor na mayroong modelong KTM Duke 390

[23]Motour Pilipinas. (2019, December 8). Adventour Episode 1 Pangasinan [Video File]. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=fQBAbPp_JhY

at kaniyang binigyang ngalan na Nemo kaugnay ng kulay nito. Sa kabuuan, makikita ang malalim na ugnayan ng bawat isa kabilang man o hindi sa samahan. Natunghayan sa frame ang natatanging ekpresyon ng bawat isa at ang malayang pagbabahaginan ng mga ito na nag-uugat sa kanilang pagkakaroon ng iisang misyon na nagbubuklod sa kanila.

## KONGKLUSYON

Madadalumat sa isinagawang pag-aaral na tulad ng mga probinsyang nilakbay ni JT, malayo na rin ang kaniyang narating bilang isang vlogger. Nag-ugat lamang ang bagay na ito sa kanilang mga interes na pinaalab ng kaniyang pagnanais na maisakatuparan ang kaniyang misyon. Kaugnay ng kaniyang pahayag sa panayam sa Kwarental Guidance (2020), ginamit niyang paraan ang paglalakbay gamit ang motor upang maibsan ang kaniyang pagod mula sa trabaho, maiayos ang sarili at pansamantalang malayo sa mga alalahanin. At bilang kilala niya ang sarili na lagalag, hinamon niya ang sarili na sumubok ng kakaibang danas gamit ang motor na dati nang bahagi ng kaniyang buhay. Sa ganang ito, nilikha niya ang misyong "Libot Pilipinas" na naglalayong libutin ang walumpu't isang (81) probinsya sa bansa gamit ang motorsiklo sa loob lamang ng tatlong (3) taon. Nang higit na maging makabuluhan ang kaniyang misyon, idinokumento niya ito at ibinahagi sa YouTube upang patunayan ang ganda ng bansa at hikayatin ang mga Pilipino at iba pang turista na piliin ang Pilipinas bilang pasyalan. Lingid sa kaniyang kaalaman, hindi lamang turismo ng bansa ang binubuhay niya, bagkus, binigyang pundasyon rin niya ang pangarap ng iba pang kapwa niya motorista. Kung kaya naman matapos makatungo sa ilang mga probinsya, nakakilala siya ng ilang mga kapwa motorista na kaniyang nakasama sa paglalakbay kinalaunan. Ang MoTour na kaniyang sinimulang mabuo ay hindi na lamang isang vlog o samahan ng mga riders kung hindi isang komunidad na natitipon ng iisang interes, layunin at pagtutulungan na matuklasan ang mayamang kultura at ganda ng bansa.

Sa pagkasa ni Philip sa hamon, nakita niya ang kaniyang sarili na nalalapit sa mayamang kultura at mga putaheng ipinagmamalaki ng bawat lalawigan ng bansa. Ang taguring Juan Turismo o JT na ibinigay

sa kaniya ng kaniyang mga tagasubaybay ay kumatawan sa mayamang turismo ng bansa at malaking potensyal ng mga ito na umunlad at makilala sa buong mundo. Pinatunayan ito sa iba't ibang frame ng kaniyang mga vlogs na nagpapakilala lamang sa Pilipinas bilang mayamang bansang arkipelago. Gayunpman, bagaman samu't saring pagkilala na ang natanggap ng ating bansa mula sa buong mundo kaugnay ng ating mayamang *biodiversity*, hindi maikakailang naisasawalang bahala ang mga ito at higit na nagbibigay-pansin sa ibang mga bansa. Ikinikintal ni JT sa isipan ng kaniyang mga tagapanood na bilang isang Pilipino ay huwag tayong maging dayuhan sa ating sariling bayan. Marapat lamang na tayo mismo ang tumuklas, magpahalaga at tumangkilik sa mga ito tungo sa tunay na ikauunlad ng bayan.

Sa bawat lalawigan na kaniyang napupuntahan, hindi lamang ang mga kilalang destinasyon, at putahe ang kaniyang naitatampok bagkus maging ang mukha ng bawat Pilipino na naglalarawan ng kultura ng kanilang lalawigan at pagkakakilanlang Pilipino sa kabuuan. Sa kabila ng ilang pagkakaiba ay nangingibabaw ang ating natatanging kaugalian na tunay na hinahangaan ng ibang lipi - ang ating mabuting pakikitungo at kababaang loob. Patunay rito ang mga frame na kaniyang naipakita sa lahat ng kaniyang mga vlogs. Saanman maparoon ay laging may kapwa Pilipinong handang gumabay sa kaniya upang marating niya ang kaniyang destinasyon na siya ring mga nagsibahagi ng ilang mga impormasyon hinggil sa kanilang bayan. Liban pa rito, naipakita rin ang malalim na ugnayang nabuo sa pagitan ni JT at ng kaniyang mga kapwa motorista. Kung kaya naman liban sa sila'y natitipon ng iisang misyon, higit na nakahikayat sila ng iba pang motorista dahil sa kasiyahang kanilang pinagsasaluhan sa bawat byahe na tunay nga namang nagbibigay kakaibang alaala para sa lahat.

Bilang mainit ang pagtangkilik ng masa sa midya partikular na sa mga vlogs, isa si JT sa umani ng libong mga tagasubaybay sa kaniyang *channel.* Sa malalim na pagsusuri ng kaniyang mga naibahaging vidyo gamit bilang lente ang Visual Framing ay naipakita ang pagkakaroon ng makabuluhang mensahe ng mga ito para sa mga tagapanood. Ipinakikita nito ang pagkakaroon ng malalim na koneksyon ng indibwal sa kaniyang kapwa tungo sa koneksyon ng mamamayan sa kaniyang lipunan na isang mahalagang konseptong kinakailangan sa lenteng

ginamit. Kung kaya naman, sa pamamagitan ng papel na ito nailahad ng mga mananaliksik ang ilang mga kaisipang nais na bigyang-diin at ikintal ng kaniyang mga vidyo. Gayunpaman, bilang ang papel na ito ay panimulang pag-aaral pa lamang, naibatay lamang ng mga mananaliksik ang kanilang mga interpretasyon sa sariling pagsusuri. Kung saan, napatunayang karapat-dapat na umani si JT ng iba't ibang pagkilala at parangal sa midya. Gayundin bilang isang Pilipino, inilalapit tayo nito sa ating tunay na pagkakakilanlan at yaman ng ating bayan na hindi lamang ukol sa yamang likas ngunit higit sa ating kultura at kaugalian na mainam na ating mapanatili at mapayabong.

## SANGGUNIAN:

ABS-CBN News. Filipinos Still World's Top Social Media User-Study. ABS-CBN, January, 2019. Web. February 10, 2020.

Ancheta, Jeffrey R. Juan For All, All For Juan ng Eat Bulaga at ang Mito ng Bayanihan of D Pipol. Dalumat eJournal Kulturang Popular 4 (2013): 47-60. Web. February 10, 2020.

Barthes, R. Mythologies.New York: Noonday Press. 1972. Print.

Deshpande S. What Is Vlogging and Why Is It So Popular? Web. 2021

Griffin, Em. A First Look at Communication Theory, 8th Edition. Singapore: McGraw-Hill. 2012.

InsideRacing. "MoTour Pilipinas: Heart of an Explore" Web. August 24, 2020.

"#JTonKG Episode 8 JT of MoTour on Kwarental Guidance: By Kwarental Guidance." Facebook. Accessed July 19, 2023. https://www.facebook.com/watch/live/?ref=search&v=532535130696885.

Latif, Wasib Bin et. al. Travel Vloggers As A Source Of Information About Tourist Destination: A Study In Bangladesh. February 2022. Webology: Volume 19, Number 2.

Liwanag, Leslie Anne L. and F.P.A. Demeterio III. Barthesian Semiologies on Selected YouTube Video Clips of Petra Mahalimuyak 13 (2016): 51-76. Plaridel. Web. February 11, 2020.

Maslanka, Michelle. The Vlog Blog: History of Vlogging. Motion Source, July 2017. Web.

Mediakix. The 20 Most Popular Types of Youtubers. Mediakix, n.d. Web February 10, 2020.

"Number of social media users in the Philippines from 2017-2020, with forecasts until 2026." Statista. Web. August 12, 2021.

Palmes, Diana F. Kabaro: Mga tabas at disenyo ng pagpapasiya ng mga pangunahing tauhang babae sa walong piling premyadong nobelang Filipino ng GEL3 Power (1980-2011). DLSU: PhD Araling Filipino. 2016. Limbag.

Tolentino, Rolando B. "Mga Bagay-bagay ng Bayan: Perspektibo, Realismo, at Nasyonalismo. "Sipat Kultura: Tungo sa Mapagpalayang Pagbabasa, Pag-aaral at Pagtuturo ng Panitikan. Quezon City: UP Press. 2007.

"Travel Vlog." Share and Discover Knowledge on SlideShare. Accessed July 19, 2023. https://www.slideshare.net/ckchetan/travel-vlog.

Motour Pilipinas. (2017, October 14). Old Zigzag Road aka Bitukang Manok at Atimonan, Quezon [Video File]. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=JCfd84yeias

Motour Pilipinas. (2018, January 26). Mindoro Epic Ride Episode 1: Occidental Mindoro [Video File]. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=pvw-TeFmYRM

Motour Pilipinas. (2018, April 15). Masbate Episode 1:Laguna to Masbate Endurance Ride [Video File]. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=slKp91A6zho

Motour Pilipinas. (2018, May 30). Trying Out MaRiLaQue [Video File]. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=8Oh_aTSEIU0

Motour Pilipinas. (2018, November 27). Eastern Visayas AdVentour [Video File]. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=ybFFvJM0bv8

Motour Pilipinas. (2019, June 11). Manila to Cebu on 2 Wheels [Video File]. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=kDj8-8z4Fqw

Motour Pilipinas. (2017, December 13). Revisit People's Park [Video File]. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=fQBAbPp_JhY

Motour Pilipinas. (2017, December 15). Revisit Kaybiang Tunnel [Video File]. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=kQyyMKtH670

Motour Pilipinas. (2018, June 14). Epic Ride Bulacan [Video File]., Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=0HRFtW1xcQU

Motour Pilipinas. (2019, December 8). Adventour Episode 1 Pangasinan [Video File]. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=fQBAbPp_JhY

## TUNGKOL SA MAY-AKDA

Si **Princess Gissel Dionela-Servo** ay nakapagtapos ng doktorado ng Pilosopiya sa Araling Filipino – Wika, Kultura, at Midya sa Pamantasang De La Salle. Sa kasalukuyan, nagtuturo ng Filipino sa sekondarya sa De La Salle University Integrated School bilang full time na guro. Miyembro ng Sanggunian sa Filipino (SANGFIL). Nakatuon ang kanyang mga pananaliksik sa wika at kultura.

Si **Lheris May R. Ople** ay kasalukuyang guro sa De La Salle University Integrated School. Nagtapos siya ng Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon medyor sa Filipino bilang cum laude, taong 2018 sa Eulogio "Amang" Rodriguez Institute of Science and Technology. Kasalukuyang tinatapos ang kaniyang masteral kaugnay ng programang Master ng Sining sa Filipino: Wika, sa ilalim ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman.